

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 23
Disyembre 7, 2006
www.philippinerevolution.net

Editorial

Salubungin ng malawakang pagtutol ang garapal na maniobrang Cha-cha

Sukdulang marumi, buktot, ilegal at kasuklam-suklam ang pinakabagong pakana ng Malakanyang para ipilit at paspasan ang "charter change" (Cha-cha o pagbabago ng konstitusyon) at kanselahin ang nakatakdang pambansang eleksyon sa Mayo 2007. Walang ibang angkop na tugon sa mga garapalang maniobrang ito kundi ang ubos-kayang pagpapakita ng mamamayang Pilipino ng kanilang mariin at malawakang pagtutol at pagbibigo sa mga pakanang ito.

Sa garapalang pambabaluktot ng batas at mga alituntuning ligal, isinasagasa ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso ang pagbabago sa House Rule 105 na nagsasaad na anumang pagsusog sa


konstitusyon ay dapat lahuman ng Senado sa pamamagitan ng hiwalay na pagpapasya nito.

Kasunod namang itinulak ng mga maka-Arroyong kongresista ang House Resolution 1450 na nagpapat-awag ng pulong ng Kongreso mula Disyembre 11 upang simulan ang ratsadang pagbabago sa konstitusyon na naglalayong gawing parlamentaryo ang sistema ng gubyerno.

Ang mga hakbanging ito ay pinagplanuhan at pinagkutsabahan sa sunud-sunod na pagpupulong sa Malakanyang sa pamumuno mismo ni Gloria Arroyo nitong huling bahagi ng Nobyembre. Pinagkaisahan nila ang "pinasimpleng Chacha" sa pamamagitan na lamang ng solong aksyon ng mababang kapulungan matapos ibasura ng Korte Suprema ang "people's initiative" at sa harap ng pagtutol ng nakararaming senador, iba't iba pang sektor at ng malawak na mamamayan.

Walang tigil na naghanap ang kampong Arroyo ng mga batas at alituntunin na maaaring manipulahin at baluktutin pabor sa kanila. Ang di sumapat ay tahasan nilang nilabag o di kaya'y garapalang pinalitan na lamang, gaano man kabuktot ang paraan.

Sa pinakabagong iskema ng Malakanyang, kakanse-lahin ang nakatakdang eleksyon sa Mayo 2007 at maglulunsad ng halalan para na sa itatayong parlamento at mga lokal gubyerno sa Nobyembre 2007. Hindi lamang nito palalawigin nang anim na buwan ang termino ng kasalukuyang mga nakaupong kongresista, bibigyan din nito ng pagkakataong tumakbong muli ang mga hindi na kwalipikado sa ilalim ng kasalukuyang batas, kabi-



Mga tampok sa isyung ito...

Tagumpay ni Nicole, ng kababaihan at ng sambayanan PAHINA 3

Adyenda ng US sa ASEAN PAHINA 5

Taong 2006: Pinakamadugong taon PAHINA 8

lang ang 64 na kongresistang alipures ni Arroyo. Ang paglilimita sa termino ng lahat ng mga halal na upisyal ang isa sa mga balak alisin sa babalangasing bagong konstitusyon ng mga kongresistang maka-Arroyo.

Alinsunod sa planong pagkakasa ng eleksyon sa Nobyembre sa ilalim na ng bagong balangkas, limpak-limpak na salapi at iba't ibang makinarya sa pandaraya ang pakikilusin ng kampo ni Arroyo para tiyaking mananaig sa halalan ang kanyang pangkatin.

Ang bagong parlamento ang siyang magtutulak ng iba pang mga rebisyon sa konstitusyon para bigyang-daan ang pagpapalawig sa kapangyarihan ng naghaharing pangkatin, ang pagpapatupad ng ibayong mapanupil na mga patakarang, ang lubusang pagpapaubaya sa likas na yaman ng bansa sa mga imperyalistang mandarambong at ang lalong pagbubukas ng teritoryo, ekonomya, pulitika ng Pilipinas sa dayuhang panghihimasok.

Sadyang minamadali ng kampo ni Arroyo ang Cha-cha ngayong Disyembre upang matiyak na maitutulong ang plebisito sa Pebrero 2007

bago magsimula ang nakatakda sa-nang mga proseso para sa eleksyon sa 2007.

Inaasahan ng kampong Arroyo ang pagsasampa ng reklamo sa Korte Suprema ng mga tutol sa iskemang ito oras na makalampas na ang proseso sa antas ng mababang kapulungan. Kaya pinipilit din ng mga alipures ni Arroyo na matapos ang prosesong "internal" sa Kongreso sa panahong nakabakasyon na ang Korte Suprema para sa Kapaskuhan. Sa gayon, mahuhuli na ang anumang gagawing hakbang ng korte at maiiwasan ang posibilidad na mapigilan agad nito ang pagpapatupad ng iskema bago simulan ng COMELEC ang paghahanda para sa plebisito pagsapit ng Pebrero 2007.

Magkagayunman, inaasahan din ng kampong Arroyo na sa pagkakahirang ng mga bagong mahistrado, kabilang ang katatalagang Chief Justice ng Korte Suprema ay madadagdagan ang mga kakatig sa mga pakana nina Arroyo.


Ang mga garapal na maniobra ng kampong Arroyo para pilit ipalunok ang Cha-cha ay gumagatong sa malawakang galit at pagtutol ng

mamamayan. Mabilis na nagkakaisa ang iba't ibang sektor sa pagkunda sa kung anu-anong tuso at garapalang pakana ng Malakanyang para lamang maitulak ang Cha-cha sa kabila ng mga ligal na balakid at mahigpit na pagtutol dito ng malawak na hanay ng mamamayan at maging ng signipikanteng seksyon ng naghaharing uri.

Ngayon pa lamang, ang di nagpapapigil at walang singgarapal na mga maniobra ni Arroyo upang ilusot ang Cha-cha ay inuulan na ng maririing batikos mula sa mga militanteng grupo, Senado, oposisyon, simbahan at malawak na hanay ng mamamayan. Ang mga demokratikong organisasyong masa at mga pwersang oposisyon, gayundin ang mga namumunong Katolikong obispo at mga upisyal ng iba pang mga simbahan ay nananawagan na ng paglahok sa mga malawakang pagkilos para tutulan at biguin ito.

Sa harap ng panloloko, pagmamatigas at panggigipit na ginagawa ngayon ng pangkating Arroyo, napatutunayang wala nang ibang masusulingan ang mamamayan kundi ang pagdagsa sa lansangan at sundulang paglaban para biguin ang maruming pakana ng Malakanyang at ng imperyalistang amo nito.

Ang walang pakundangang pagpupumilit ni Arroyo at kanyang mga alipures na itulak ang Cha-cha ay paghamon sa mamamayan sa mapagpasyang pagtutuos. Inuud-yok nito ang mamamayang Pilipino na tahakin ang landas ng militanteng pagkakaisa at puspusang paglaban. Napakainam ng kalagayan sa lalong pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa buktot, mapagpakana at mapang-aping papet na rehimen. Sa labanang ito, magtatagumpay ang mamamayang Pilipino sa malao't madali na ibagsak at pagbayarin nang mahal ang bogus, bulok, sinungaling, mapagpakana at labis nang nahihawalay na rehimeng Arroyo. **AB**

 <p>Taon XXXVII Blg. 23 Disyembre 7, 2006</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:</p> <p>www.philippinerevolution.org</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:</p> <p>angbayan@yahoo.com</p>	
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	
<p>Nilalaman</p>	
Editorial: Salubungin ng malawakang pagtutol ang garapalang maniobrang Cha-cha	1
Tagumpay ni Nicole at ng sambayanan	3
Adyenda ng US sa ASEAN	5
Pupupugin ng protesta	7
Taong 2006: Pinakamadugong taon	8
Militarisasyon sa NCR	9
Matatagumpay na opensiba	11
Balita	11

Binabawi ng rehimeng Arroyo at US ang tagumpay ni Nicole


Isang araw matapos ipagdiwang ng mamamayang Pilipino ang tagumpay ni Nicole, ang 22-taong-gulang na biktima ng panggagahasa sa Subic, agad na kumilos ang gubyernong US at rehimeng Arroyo upang bawiin ang tagumpay na ito. Gamit ang mga probisyon ng Visiting Forces Agreement (VFA), inaangkin ngayon ng US ang awtoridad na hawakan si Lance Corporal Daniel Smith, ang nahatulang nanggahasa kay Nicole, taliwas sa unang kautusan ng korte na ikulong si Smith sa Makati City Jail at taliwas sa interes ni Nicole at ng mamamayang Pilipino na maparusahan si Smith sa ilalim ng awtoridad ng Pilipinas.

Tagumpay ni Nicole, ng kababaihan at sambayanan

Malaking tagumpay ni Nicole, ng lahat ng kababaihan at ng sambayanang Pilipino ang paghatol kay Smith. Sinentensyahan nitong Disyembre 4 ni Judge Benjamin Pozon ng Makati Regional Trial Court Branch 139 si Smith ng habambuhay na pagkabilanggo matapos na walang dudang mapatunayang ginahasa niya si Nicole noong Nobyembre 1, 2005 sa Subic Bay Freeport, Olongapo City. Si Smith ay kabilang sa 31st Marine Expeditionary Force ng US na nakabase sa Okinawa, Japan.

Sa labas ng korte, daan-daang tagasuporta ni Nicole mula sa mga organisasyon ng kababaihan, mga anti-imperyalista at patriyotikong grupo ang nagdiwang sa makasaysayang hatol ng korte.

Ang tagumpay ni Nicole ay bunga ng kanyang determinasyon na magpursigeng kamtin ang hustisya



hindi lamang para sa kanyang sarili kundi para sa lahat ng kababaihan at sa mamamayang Pilipino. Bunga rin ito ng ipinakitang malawakang suporta ng iba't ibang mga grupo.

Hindi naging ganap ang tagumpay nang iabswelto ng korte ang tatlo pang US Marines na kasama ni Smith sa kabila ng kaniyang malinaw na pakikipagsabwatan sa krimen at pagsisinungaling kaugnay dito. Pinawalang-sala ng korte sina Lance Corporal Keith Silkwood at Dominic Duplantis at si Staff Sgt. Chad Carpentier sa kasong pakikipagsabwatan para manggahasa (*conspiracy to rape*). Kaagad na ipinuslit ng US palabas ng bansa ang tatlong inabsweltong Marines.

Subalit hindi pa rin nito maialis ang pagiging makasaysayan ng tagumpay sa Subic Rape Case dahil ito ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng Pilipinas na may nahatulang sundalong Amerikano. Mula nang sakupin ng US ang Pilipinas, umabot sa humigit-kumu-

lang 2,000 kaso na ang naisasampa laban sa mga Amerikanong sundalong may nagawang krimen sa Pilipinas, subalit basta na lamang silang ipinupuslit ng mga awtoridad ng US palabas ng bansa nang walang anumang pananagutan.

Pagbawi sa tagumpay ni Nicole

Isang araw pa lamang matapos ang kautusan ng korte na ikulong si Smith sa Makati City Jail, agad-agad nang kumilos ang US at mga kasapakat nito sa gubyernong Arroyo upang ibalik si Smith sa awtoridad ng US. Kasuklam-suklam pang nagparinig si US Ambassador Kristie Kenney hinggil sa dami na raw ng tulong na naibuhos ng kanyang gubyerno sa mga nabiktima ng mga pagguho ng lupa sa Barangay Guinsaun sa St. Bernard, Southern Leyte noong 2005 at sa hilagang Quezon noong 2004, na animo'y katumbas nito ang pagpapalaya sa isang nahatulang kriminal.

Ginagamit ng US at rehimeng Arroyo ang mga probisyon ng VFA na nagbibigay sa US ng karapatan

na hawakan ang mga sundalong inaakusahan ng krimen o nahatulang nagkasala sa Pilipinas. Ang VFA ang kasunduang nagtatakda ng mga alituntunin sa pamamahala sa mga sundalong Amerikano na pumapasok sa Pilipinas. Sa kaso ni Nicole, ibayong nalalantad ang VFA bilang kasunduang napakatagibang at mapang-api sa sambayanang Pilipino.

Nalalantad rin ang pagiging sunud-sunurang mga papet ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo. Wala man lamang ni isa sa mga upisyal ni Arroyo ang humamon sa iginiginit na awtoridad ng US. Sa isang kumpas ng US Embassy, sabay-sabay silang lumuhod at tumiklop. Walang kaabug-abog na sumangayon ang Malakanyang, Department of Justice, Department of Foreign Affairs at Presidential Commission on the VFA (VFACOM) sa hinihingi ng gubyernong US sa kabila ng pagtutol dito ni Nicole at taliwas sa paggigiit ng awtoridad at soberanya ng Pilipinas.

Sabwatan ng US at gubyernong Arroyo

Noon pa mang nililitis ang kaso, tampok na ang sabwatan ng US at mga upisyal ng rehimeng Arroyo upang pangalagaan ang interes ng US sa kapinsalaan ng biktima at ng soberanya ng bansa. Tumanggi noong Enero si DFA Undersecretary Zosimo Paredes na tumatayo ring Executive Director ng VFACOM na iharap sa mga awtoridad ng US ang mga mandamyento de aresto para sa mga akusadong sundalo kaya ang mga ito'y nanatiling "nagbabakasyon" sa US Embassy habang nililitis sa kasong panggagahasa. Nagkutsabahan

din ang US at mga upisyal ng rehimeng Arroyo sa pagpapahina ng kaso laban sa tatlo pang akusado. Kabilang sa mga hakbanging isinagawa ay ang pagsuporta ni Paredes sa pagtatanggal kay Timoteo Soriano, ang drayber ng *van* na pinangyarihan ng krimen, sa listahan ng mga akusado. Noong Abril naman, makaisang panig na ibinaba ni DOJ Secretary Raul Gonzalez ang kaso laban sa tatlo sa apat na sundalong Amerikano sa pagiging "accessory" (o katulong lamang at hindi kasabwat). Bilang protesta sa antemanong pagpapahina ni Gonzales sa kaso ay nagbitiw mula sa panel sa prospekusyon ng DOJ si Olongapo City Prosecutor Prudencio Jalandoni na siyang dating humahawak sa kaso.

Lalong nabunyag ang sabwatan ng mga upisyal ng US at papet na gubyrno nang ilantad ni Nicole at ng kanyang pamilya ang pagsisikap ni Senior State Prosecutor Emilie Fe de los Santos, pinuno ng panel ng mga tagausig, na aregluhin ang kaso. Nag-alok ng areglo si de los Santos kay Nicole at kanyang pamilya kapalit ng paborableng desisyon ng US sa petisyon ni Agriculture Undersecretary Jocelyn "Joc-joc" Bolante na mabigyan ng asy lum o magpakanlong doon.

Lalo pang pinahina ng panel ng mga tagausig ang kaso nang umatras ito sa presentasyon ng kontra-ebidensya na makapagpapabulaan sana sa mga testimonya ng depensa at makapagpapalakas ng kaso di lamang laban kay Smith kundi sa tatlo pang akusado. Ibinunyag ni Atty. Hazel Valdez, myembro ng panel ng mga tagausig, na patraydor na inilingid sa kanya ni de los Santos na

may gayong plano ang prospekusyon.

Ituloy ang laban ni Nicole! Ibasura ang VFA!


Pinakamalaking hadlang ngayon ang VFA upang ganap na makamit ang katarungan para kay Nicole at sa mamamayang Pilipino. Nasa sentro ngayon ang usapin ng kustodiya sa hinatulang manggagahasa. Matindi ngayon ang presyur ng US at mga upisyal ng rehimeng Arroyo na bawiin ni Judge Pozon ang kautusang ibimbin si Smith sa Makati City Jail at ibalik sa US ang kustodiya kay Smith, habang anila'y di pa tapos ang mga prosesong ligal at di pa pinal ang hatol.

Katunayan, nakasaad sa VFA na kahit pa maging pinal na ang hatol, hindi awtomatikong makukulong ang hinatulan sa Pilipinas. Bagkus ay nakadepende ang pinal na desisyon sa pag-uusap ng US at Pilipinas.

Sa ngalan din ng VFA, iginigiit ng US na dapat tapusin ang lahat ng prosesong ligal pagsapit ng Disyembre 26 ngayong taon, at kung hindi ito magagawa ay wala na umanong karapatan ang Pilipinas na paharapin sa korte si Smith. Kung magkagayon, hindi malayong ililikas ng US si Smith mula sa bansa at tuluyan na niyang matatakas ang karampatang kaparusahang ipinataw sa kanya.

Sa harap ng bantag bawiin ng US ang kustodiya kay Smith at baligtarin ang hatol sa kanya, luma-lakas ang panawagan ng mamamayan na ibasura na ang VFA.

Sa patuloy na pakikipaglaban ni Nicole, malaking tagumpay ang pagbubuo ng pagkakaisa ng sambayan na labanan ang di pantay, mapanghimasok at mapang-aping VFA, ang pagyurak ng US sa kasarinlan ng Pilipinas sa paggamit nito sa buong bansa bilang base militar at ang aroganteng dominasyon ng US sa Pilipinas. AB



Mga itinutulak ng US sa adyenda ng ASEAN

Nasasalamín sa adyenda ng nakatakdang ika-12 pulong ng ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) ang interes ng imperyalismong US na palakasin ang dominasyong militar nito sa rehiyon sa ngalan ng “anti-terorismo” at tiyakin ang patuloy na dominasyong pang-ekonomya at pangkalakalan nito sa rehiyon. Idaraos ang pulong nito sa Cebu City sa Disyembre 10-14. Si Gloria Arroyo ang tumatayong tagapangulo sa pulong ng ASEAN para sa taong ito.

Bilang tagapangulo at punong-abala sa pulong, muli na namang ipakikita ni Arroyo ang katapatan niya sa pagsisilbi sa interes ng kanyang imperyalistang among US at sisikapin niyang mabigay ang lahat ng mga gusto nito. Gayunman, asahan din ang mahigpit na tunggalian. Hindi lahat ng pinuno ng ASEAN ay tulad niyang nangangayupapa sa US.

“Gera laban sa terorismo”

Tampok ang panukalang “ASEAN Convention on Counter-Terrorism” (ACCT) sa 22 punto sa adyenda para sa nalalapit na pulong ng ASEAN. Pangunahing kabilin-bilinan ni US President George W. Bush mismo sa tuta niyang si Arroyo ang pagpapapasok ng panukalang ACCT sa adyenda at pagtitiyak na mapagtitiyak ito sa pulong ng ASEAN.

Ang ACCT ay panukalang panrehiyong kasunduang nakatuon sa pagpapasang-ayon sa iba’t ibang bansa sa rehiyon na makiisa sa inilalako ni Bush na “gera laban sa terorismo.” Sa pamamagitan nito, inaasahan ng US na ibayong maiimpluwensyahan nito ang mga adyendang panseguridad ng mga bansa sa rehiyon, maituon ang mga ito sa “gera laban sa terorismo” at lalong mapalakas pa ang panghihimasok ng kapangyarihang militar ng US sa rehiyon. Nais ng US na gamiting



lunsaran ng mga pwersang militar ng US ang mga bansa sa ASEAN para sa “pandaigdigang gera laban sa terorismo” at mapag-ibayo pa ang panunupil ng mga nakaluklok na rehimen sa kani-kanilang lokal na “terorista.”

Ang presensyang militar ng US sa rehiyon ay susi sa layunin ng US na patatagin ang dominasyon nito sa Southeast Asia at tiyakin ang seguridad para sa malawak na pang-ekonomyang interes nito sa rehiyon (kapwa sa anyo ng pamumuhunan at kalakalan). Mahalaga rin para sa US na palakasin ang presensya nito upang kontrahin ang impluwensya ng Japan at ang lumalaking impluwensya ng China sa rehiyon.

Tuluy-tuloy na pinalalakas ng US nitong nakaraang mga taon ang presensyang militar nito sa Southeast Asia sa pamamagitan ng tinatawag na “joint exercises” sa mga militar ng Pilipinas (“Balikatan” exercises) at Thailand (“Cobra Gold” exercises). Gayundin, taun-taon ay inilulunsad ang tinatawag na Cooperation Afloat Readiness And Training (CARAT) exercises, isang programa ng US Pacific Com-

mand na nilalahukan ng mga militar mula sa Pilipinas, Thailand, Singapore, Indonesia, Malaysia at Brunei.

Sa Pilipinas, magsisilbi ang ACCT na dagdag na batayan para mabig-

yang-daan ang mas masahol pang pagpapapasok ng mga pwersang militar ng US at ang higit pang panghihimasok ng US sa

digma laban sa rebolusyonaryong kilusan at sa kilusang mapagpalayang Bangsamoro.

Bahagi rin ng adyenda sa likod ng pagtutulak ni Bush ng ACCT sa ASEAN ang pagpapasa ng katumbas na batas sa Pilipinas at sa iba pang bansa sa Southeast Asia. Para kay Arroyo, magsisilbi ang ACCT bilang dagdag na tulak sa pagpapasa na rin sa Pilipinas ng Anti-Terrorism Bill na matagal nang di makausad dahil sa malawakang pagtutol dito ng mga tagapagtaguyod ng mga karapatang-tao, mga oposisyunista sa Senado at Kongreso, mga pinuno ng simbahan, mga demokrati-kong organisasyong masa at progresibong grupo at malawak na mamamayan.

Umaasta si Arroyo bilang pangu-nahing tagapagtaguyod ng “gera laban sa terorismo” sa rehiyon. Patutunayan niya ito sa pamamagitan ng paghihigpit sa mga aktibidad ng mga lokal at dayuhang aktibistang may balak maglunsad ng mga kilos protesta, pagdiskaril sa kanilang mga aktibidad at pagsupil sa kanilang mga karapatan.

Ngunit daraan sa butas ng karayom ang pagtataguyod ng panuka-

lang ACCT sa ASEAN dahil may mga rehimen sa Southeast Asia na tutol dito at sa kabuuang adyenda ni Bush na hatakin ang buong rehiyon sa "gera laban sa terorismo."

Dominasyong pang-ekonomya at pangkalakalan ng US

Balak din ng US na kasangkapang ang nakatakdang ika-12 pulong ng ASEAN para pahigpitin ang dominasyong pang-ekonomya at pangkalakalan nito sa Southeast Asia sa ngalan ng "tulungan ng mga rehiyon."

Bago pa man ang pulong na ito, pinirmahan na noong Setyembre ang US-ASEAN Trade and Investment Framework Agreement (TIFA) na naglalagat ng balangkas para sa "malayang pamilihan" sa pagitan ng US at mga bansa sa Southeast Asia. Nauna pa rito ang US-ASEAN Enhanced Partnership Agreement noong 2005 na nakatuon sa "pagpapahusay ng daloy ng kalakalan at pamumuhunan at pagpapaganda ng klima para sa pamumuhunan sa ASEAN upang hikayatin ang pamumuhunan ng US sa rehiyon."

Ang mga kasunduang ito ay lalong magtutulak ng "liberalisasyon" ng ekonomya at kalakalan sa mga bansa sa ASEAN pabor sa interes ng US, at higit pa sa itinatakdang ng World Trade Organization (WTO). Magbubunsod ang mga ito ng lalong pagsahol ng kalagayan ng paggawa at pagpapababa ng sahod ng mga manggagawa bunga ng kompetisyon ng pare-parehong mga atrasadong bansa na akitin at panatilihin ang pamumuhunan ng US at Japan.

Kasabay nito, ang ibayong "liberalisasyon" ay magreresulta sa tuluy-tuloy na pagtatambak ng sobrang kalakal ng US at iba pang imperyalistang bansa na lalong pipinsala sa mga lokal na industriya at

Napakamahal na pampaganda

Nais ng rehimeng Arroyo na gamitin ang nakatakdang ASEAN Summit para magpasikat sa tangkang tabunan ang internasyunal na kahihiyang inaabot nito sa lumalalang rekord ng paglabag sa karapatang-tao. Magarbo, batbat ng korapsyon at mga katiwalian at lubhang iskandaloso ang ginagawa nitong paghahandang maihahalintulad sa maluluhong proyekto ni Imelda Marcos. Sa upisyal na kwenta, aabot na nang mahigit ₱2 bilyon ang nagagastos para sa "pagpapaganda" at upang pagtakpan ang kahirapan at karahasang dinaranas ng mamamayang Pilipino. Kabilang dito ang sumusunod:

₱550 milyon para sa pagpapatayo ng Cebu International Convention Center;


₱30 milyon badyet ng lokal na gubyerno ng Mandaue City para sa "pagpapaganda;"

₱20 milyon badyet ng lokal na pamahalaan ng Cebu City para sa preparasyon kung saan ₱2 milyon ang inilaan para sa pagpipinta ng mga kalye at ₱1 milyon pa para sa *traffic islands*;

₱20 milyon para sa pagkain ng dayuhang midya at regalo sa mga delegado;

₱50 milyon para sa pagsesemento ng limang kalye sa paligid ng SM City mall.

AB



agrikultura sa mga bansa ng ASEAN. Bukod pa ito sa pag-iibayo ng mga patakarang pribatisasyon at denasyunalisasyong magpapatindi ng imperyalistang kontrol sa mga pampublikong yutilidad, magtataas ng singil sa mga pampublikong serbisyo at papawin sa mga patakarang nangangalaga sa kalikasan.

Ang US ang pangunahing nakikinabang sa pagtutulak ng ibayong "liberalisasyon" ng ekonomya at kalakalan sa Southeast Asia. Sa nagdaang halos isang dekada, ang US na ang pinakadominante sa ekonomya ng kabuuan ng rehiyon. Naungusan na nito ang Japan sa larangan ng tuwirang dayuhang pamumuhunan (FDI o *foreign direct investments*). Noong 1995-2003, umabot sa \$35.7 bilyon o 16.3% ng kabuuan ang FDI ng US sa rehiyon. Pumapangalawa lamang dito ang Japan (\$28 bilyon o 12.7% ng kabuuan) at pumapangatlo ang United Kingdom (\$25.8 bilyon o

11.7% ng kabuuan). Bukod rito, pinakamalaki rin ang US sa mga nakikipagkalakalan sa ASEAN (nagkakahalaga ng \$1.2 trilyon noong 1995-2004 o 14.7% ng kabuuang pakikipagkalakalan ng ASEAN).

Hangad ng mga bansa sa ASEAN na makabuo rin ng sariling pamilihang komun at isang antas ng integrasyon ng kanilang ekonomya at kalakalan sa rehiyon.

Ngunit hindi ito papayagan ng US kung ang masasangkot lamang dito ay mga bansa sa rehiyon at wala itong malinaw na pakinabang mula rito. Gustong tiyakin ng US na ito pa rin ang pangunahing makinabang sa anumang mabubuong kaayusan sa ekonomya at kalakalan sa rehiyon.

Gayunman, hindi ito madaling maigigiit ng US. Mayroon ding mga gubyerno sa ASEAN na mas sumasalig sa China at Japan para sa pamumuhunan at kalakalan. Aktibo rin ang China at Japan sa paggigiit ng mga sarili bilang mga dominanteng pwersang pang-ekonomya at pampulitika sa rehiyon.

AB

Pupupugin ng protesta

Nakaambang pupugin ng protesta at kontra-kumperensya ang ika-12 ASEAN Summit na gaganapin sa Cebu nitong Disyembre. Pangungunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang mga protesta laban sa mga isyung bumabalot sa pagpupulong—ang iskandalosong paghahanda at kaakibat nitong panunupil sa mamamayan ng Cebu; ang panggigipit at panunupil ng rehimeng Arroyo sa mga tumututol dito; at ang militarista at maka-imperyalistang adyenda ng mismong aktibidad.

Noong Nobyembre 22, nagrali sa harap ng di pa natatapos na Cebu International Convention Center (CICC) ang mga myembro ng BAYAN-Central Visayas upang kundinahin ang panloloko at korapsyon ng rehimeng Arroyo at lokal na pamahalaan. Kinundena rin nila ang kaakibat na demolisyon ng mga bahay, pagkawala ng kabuhayan ng mga residente at militarisasyon sa lugar.

Magihit 1,500 maralitang pamilya na ang pinalayas sa mga lugar na madaraan mula sa paliparan at marami pang lugar ang balak nitong "linisin." Mahigit 560 pamilya ang nawalan ng bahay makaraan ang malawakang demolisyon sa mga barangay ng Mantoyong at Guizo sa Mandaue, Cebu dahil pangit umano ang mga bahay ng mga "iskwater" na nakikita mula sa highway galing sa paliparan. Balak ding idemolis ang mga bahay ng 100 pang pamilya na nakatira malapit sa Cebu Port Authority, gayundin ang mga "iskwater" sa paligid ng mga mall.

Upang kontrolin ang kilos ng mamamayan dito, idineklara ni Arroyo na *holiday* mula Disyembre 11-14 sa Metro Cebu, Mandaue at Lapulapu. Aabot sa 3,000 manininda at 120,000 manggagawa ang mawawalan ng mapagkakakitaan sa loob ng apat na araw na ito. Apektado rin ang 400 drayber na mawawalan ng pasada lalupa't isasara ang maraming daan na magiging

rutang seremonyal ng ASEAN.

Kasabay nito, naghahasik ng lagim ang AFP sa mga komunidad na tinataya nilang panggagalingan ng mga magpuprotesta. Noong Oktubre, ginipit ng ilang elemento ng 7th Marine Battalion Landing Team ang mga kasapi ng Panaghiusa sa Mangingisda sa Timog-Amihanan Cordova (PAMATIA-Co) sa Barangay Bangbang, Cordova. Inakusahan sila ng mga militar na mga myembro ng BHB. Mayroon ding mga kaso ng panggigipit ng militar sa Barangay Vito at Cadulawan sa Minglanilla. Pinagbawalan ng militar ang mga myembro ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Minglanilla (NAMAMI) na sumama sa mga rali laban sa ASEAN. Sa buong Cebu, itinulak ng mga lokal na pamahalaan ang pagpapatupad ng *curfew*.

Samantala ay binalaan ni Justice Secretary Raul Gonzalez noong Nobyembre 28 ang mga dayuhang aktibista na huwag pumasok sa bansa at kung hindi ay "ipapakain niya sila sa mga pating." Tinawag na katawa-tawa ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang hungkag na banta ni Gonzalez. Isa ang KMU sa mga organisasyong maglulunsad ng internasyunal na kontra-kumperensya sa isla. Idaraos nila ang Jobs and Justice Conference (Kumperensya



para sa Trabaho at Hustisya) bilang pantapat sa Investment and Business Summit ng Business Advisory Council ng ASEAN.

Sa Disyembre 9-12, idadaos din sa Cebu ang Internasyunal na Kumperensya kaugnay sa Militarismo at "Gera kontra-terorismo" sa Asia Pacific. Inorganisa ang kumperensyang ito ng International League of Peoples' Struggles at dadaluhan ng iba't ibang institusyon, organisasyon at mga aktibista mula sa iba't ibang bansa sa Asia. Lalahok din sa mga protesta laban sa ASEAN ang mga delegado nito.

Gugunitain din sa Cebu sa darating na Disyembre 10 ang Linggo para sa Karapatang-tao at Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao. Dandanang aktibista ang pupunta sa Cebu bilang bahagi ng "Voyagers for Peace". Patatampukin nila ang karumal-dumal na rekord ng rehimen sa pampulitikang pamamaslang at ang nagpapatuloy na karahasan laban sa mamamayang Pilipino na pilit pinagtatakpan ni Arroyo.

Araw-araw ding dadayuhin ng mga aktibista ang CICC habang idinaraos ang ASEAN Summit upang magprotesta.



Taong 2006


Pinakamadugong taon sa ilalim ng rehimeng Arroyo

Ang rehimeng Arroyo ang pinakamalaking salot na sumalanta sa mamamayang Pilipino mula nang maibagsak ang pasistang diktadurang Marcos. Umaabot na sa 797 ang mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang at 206 ang naging *desaparecido* mula nang maluklok sa poder ang rehimeng Arroyo noong Enero 21, 2001 hanggang Nobyembre ngayong taon. Ito na ang pinakamalaking bilang ng mga biktima ng pampulitikang asasinasyon at pagdukot kumpara sa kabuuang bilang ng mga biktima sa ilalim ng lahat ng iba pang rehimeng sumunod sa diktadurang Marcos.

Pinakamalala ang taong 2006 sa usapin ng mga paglabag sa karapatang-tao sa loob ng nakaraang 20 taon. Ayon sa Karapatan, 338 kaso ng paglabag sa karapatang-tao na bu-miktima sa 12,204 katao ang naganap mula Enero hanggang Nobyembre ngayong taon. Umabot sa 185 ang naging biktima ng mga ekstrahudisyal na pagpatay at 93 ang dinukot at di pa natatagpuan.

Patuloy ang pagpapataw ng pasistang patakaran ng pagtarget sa mga lider at myembro ng mga progresibong partido at organisasyong masa. Umabot sa abereyds na tatlong pampulitikang pamamaslang at pagdukot ang naganap bawat linggo sa panahong ito.

Ang sistematikong paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao ay umani ng matinding pagbatikos mula sa loob at labas ng bansa. Para salagin ito, binuo ng rehimeng Arroyo ang Task Force Usig at ang Melo Commission para imbestigahan umano ang dumaraming mga paglabag sa karapatang-tao. Subalit walang ibang ginawa ang dalawang ito kundi pagtakpan ang rehimen at ang mga pasistang gala-



may nito.

Ang sumusunod ay kabilang sa pinakahuling mga kaso ng paglapastangan sa karapatang-tao. Pinakakarumal-dumal dito ang walong awang pagpaslang sa kauupo pa lamang na tserman ng panrehiyong organisasyong magsasaka sa Cagayan Valley matapos paslangin ang naunang tagapangulo 16 na araw bago ito. Dalawa ring istap ng National Democratic Front ang dinukot sa General Santos City at hindi pa natatagpuan hanggang ngayon.

Nobyembre 27. Pinaslang sa Sityo Turkia, Barangay Cabiraon,

Gonzaga, Cagayan si Anthony Licyayo, panrehiyong tserman ng Caguimongan Dagiti Mannalon iti Cagayan Valley, kapatid na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Nagtamo ng maraming tama ng bala sa iba't ibang bahagi ng katawan ang biktima na siyang naging sanhi ng agaran niyang pagkamatay. Si Licyaco ang humalili kay Joey Javier, 42, ang pinuno ng Caguimongan na pinatay ng mga pinaghihinalang elemento ng 17th IB noong Nobyembre 11 sa Baggao, Cagayan.

Sa araw ding ito ay pinagbabaril ng dalawang lalaking armado ng kal .45 pistola ang mag-asawang sina Jimmy at Estrelita Sanchez, parehong 46 taong gulang, sa Purok Maliwanag, Barangay Calumpang, General Santos City. Si Jimmy ay presidente ng Mindanao Unified Farmers Association Inc. sa kanilang lugar. Nadamay din sa pamamaril si Romeo Valdeviezo, residente ng Barangay Apopong.

Nobyembre 21. Pinaslang ng apat na armadong lalaki sa Cataquiz Subdivision, Barangay Poblacion, San Pedro, Laguna si Andrew Iñosa, 48, presidente ng Alaska Milk Workers Union. Ninakaw din ng mga salarin ang kanyang *cellphone*, pitaka at iba pang personal na gamit.


Natagpuan din ang bangkay ni Domingo Marbella, 22, sa Barangay Lungib, Pilar, Sorsogon. Tadtad ito ng bala at may mga bakas ng tortur. Si Marbella ay isa sa dalawang magsasakang dinukot sa Pilar noong Nobyembre 13 ng mga pinaghihinalang elemento ng militar. Kapwa sila inaakusahang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Nobyembre 20. Pinagbabaril hanggang sa mapatay ng apat na

lalaking nakabonet si Roderick Aspili, 24, organisador ng United Workers of Surigao habang nanonood siya ng telebisyon kasama ang kanyang pamilya sa kanilang tahanan sa Km. 11, Barangay Trinidad, Surigao City. Dati ring *secretary-general* ng Student Christian Movement of the Philippines sa Butuan City si Aspili.

Sa araw ding ito ay dinukot ang aktibistang mangingisda na si Jaime Fernando, 30, malapit sa Panasahan Fish Market sa Malolos City. Ilang oras bago ito, isa si Fernando sa kalalakihang taga-Wawang Atlag, Malolos City na sapilitang tinipon ng militar at kinunan ng litrato.

Nobyembre 17. Nasugatan si Bernardita Arizala at kanyang mga apo na sina Junjun Fernandez at Raymond Baguera, parehong limang taong gulang, nang paulanan ng bala ng mga nag-ooperasyong elemento ng 24th IB ang kanilang bahay sa Barangay Lucapon, Sta. Cruz, Zambales. Sinunog din ng mga sundalo ang kanilang bahay.

Oktubre 26. Dinukot sina Nelly Bakiran-Intise, 45, ang kanyang asawa na si Federico Intise, 54 at si Gloria Cañaveral sa General Santos City. Ang mag-asawang Intise ay kapwa mga istap ng National Democratic Front. Ayon sa anak nilang si Malaya, nagpaabot ang kanyang mga magulang noong Oktubre 24 na pauwi na sila sa kanilang bahay sa Maa, Davao City noong Oktubre 26 pero hindi sila nakarating. Huli silang nakita sa isang istasyon ng bus sa General Santos City. 

Paghaanda sa eleksyon

Militarisasyon sa Kamaynilaan



Sadyang walang tigil ang rehimen ng US-Arroyo sa pag-iibayop na ng panunupil nito sa mamamayan. Sa kabila ng kaliwa't kanang pagbatikos mula sa loob at labas ng bansa hinggil sa mga paglabag ng rehimen sa karapatangtao, patuloy na pinalalawak pa nito ang saklaw ng mapanupil na Oplan Bantay Laya nito na dati'y sa kanayunan pa lamang puspusang inilulunsad. Di nagkasya sa pagmilitarisa at paghahasik ng lagim sa mga bayan ng Bulacan at Pampanga, walang pangingiming isinasagawa ngayon ng rehimen ng US-Arroyo ang militarisasyon sa National Capital Region mismo.

Dalawang platon ng mga sundalo mula sa 202nd Infantry Brigade ng Philippine Army ang idineploy mula Nobyembre 7 sa pitong barangay sa Pandacan, Manila: Barangay 866, 867, 868, 870, 871, 872 at Barangay Kapampangan. Planong palawakin ang ganito ring operasyong militar sa 40 pang mga barangay sa Kamaynilaan.

Inookupa ng mga militar ang mga bulwagang barangay na ginagawa nilang baseng pang-operasyon. Nagtakda sila ng *curfew* sa

pagitan ng alas-11 ng gabi at alas-4 ng umaga di lamang para sa kabataan kundi para sa lahat ng residente ng barangay. Tuwing gabi ay may mga tsekpoynt ang mga sundalo at umiikot sila nang naka-*full battle gear*.

Ipinalalabas sa mga bulwagang barangay ang "Knowing the Enemy"—isang bidyo na pinalalaganap ng Armed Forces of the Philippines (AFP) upang siraan at gawing katakutan sa mamamayan ang mga aktibista, progresibong organisasyon at grupong *party-list*, masmidya at iba pang kritiko ng rehimen ng Arroyo, na pawang tinataguriang "kaaway ng estado." Nagrekrut at nagsasanay ang militar ng mga operatiba sa paniktik mula sa mga residente ng barangay. Isinasagawa ang mga operasyong militar sa Pandacan sa pakikipagkutsabahan ng panatikong anti-komunistang grupong National Alliance for Democracy (NAD).

Ipinatutukoy ng mga sundalo sa mga residente kung sinu-sino ang mga sumasali sa mga rali laban sa demolisyon ng kabahayan sa riles at sa mga pagkilos laban sa rehimen ng Arroyo. Tinatakot ng mga



sundalo ang mga residente at pinipilit silang itigil ang laban sa demolisyon at magsikusa na lamang sa pagdemolis ng sariling tirahan at pumayag sa reloksiyon tungo sa mga lugar na mas masahol pa ang kundisyon sa kasalukuyang kinlalagayan nila.

Tahasang sinasabi ng mga militar na mananatili ang pagsosona nila sa Pandacan hanggang sa Mayo 2007. Magpapadala sila ng panibagong mga platun para marelyebo ang nauna nang mga itinalaga roon. Mahigpit na binabalaan ng mga sundalo ang mga residente sa pagsali sa mga pagkilos at sa pag-suporta sa mga organisasyong masasa at mga progresibong grupong *party list*. Tinutukoy, minamanmanan at hinihigpitan ng mga sundalo ang mga lokal na lider at myembro ng mga progresibong organisasyon tulad ng Kadamay, Anakpawis, Bayan Muna at Gabriela Women's Party. Malinaw na layunin din ng pagmimilitarisa sa lugar na pigilin ang inaasahang panalo ng mga progresibong partido sa darating na eleksyon lalupa't malaki ang nakuhang boto ng naturang mga partido sa nakaraang mga halalan.

Mga operasyong militar noong 2005. Mula pa noong 2005 ay isinasagawa na sa iba't ibang barangay sa NCR ang katulad na mga operasyong militar katuwang ang Department of Interior and Local Government at ang anti-komunistang NAD.

Sa Barangay Bagong Silang at Barangay Tala sa Quezon City, inumpisahan noong 2005 ang pagtitiyak sa presensya ng militar sa mga barangay. Tumitira sa mga paupahang bahay ang mga grupogrupong sundalo at pulis. Hanggang sa kasalukuyan ay may presensya pa rin ang mga mersenaryo sa mga barangay na ito.

Sa Barangay 184, Pasay City,

Rekord sa pagpapalayas, malala sa Pilipinas

Isa ang Pilipinas sa tatlong bansa sa daigdig na may pinakamalalalang rekord sa pagpapalayas sa mga maralita sa kalunsuran. Ito ang pahayag ng Center on Housing Rights and Evictions (Cohre), isang pandaigdigang organisasyon na nagtataguyod sa karapatan ng mga maralita sa disenteng pabahay. Taun-taong inilalabas ng Cohre ang "Housing Rights Violator Awards" sa mga bansang pinakamalalalang nagsasagawa ng "sistematikong mga paglabag sa karapatan sa pabahay at patuloy na hindi tumatalima sa kanilang mga internasyunal na ligal na obligasyon."

Anang Cohre, daan-daang libong Pilipino ang pinalalayas sa kanilang mga tahanan dahil sa mga proyekto ng gubyrno sa "pagpapaganda" at "pagpapaunlad" at karamihan ng mga biktima ay mga maralita sa kalunsuran. Tinukoy ng Cohre ang mga proyekto sa riles at mga "prestihiyosong pangyayari" tulad ng ASEAN Summit na ilan lamang sa mga pangunahing dahilan ng pagpapalayas. Kadalasan ay itinatapon ang mga pinalayas sa mga lugar ng reloksiyon na kalunuslunos ang kalagayan.

Ang dalawa pang bansang tinukoy ng Cohre ay ang Greece, kung saan 79 na pagpapalayas ang isinagawa noong unang hati ng 2006, at Nigeria kung saan mahigit dalawang milyon katao na ang pinalalayas sa kanilang mga tahanan mula noong 2000. **AB**

isang platun mula sa Philippine Airforce ang idineploy sa barangay noong huling bahagi ng 2005. Isang iskward nito ang umikot sa barangay. Kabilang din sa naging mga aktibidad nito ang pagpapalabas ng "Knowing the Enemy." Napaalis ito sa pamamagitan ng pagkilos at pagpepetisyon ng mga residente. Subalit bumalik din ang mga sundalo nang nakadamit-sibilyan.

Sa Barangay 179 sa Pasay City noong Hunyo 2005 at sa Barangay Alabang, Muntinlupa City noong Hulyo 13, 2005, ipinalabas ng militar ang bidyong "Knowing the Enemy."

Noong Hulyo 30, 2005 sa Barangay Cupang, Muntinlupa City, nagsagawa ng maghaponing papulong sa mga residente ang mga naka-*full battle gear* na militar kung saan binalaan ang mga taga-barangay na

huwag sumama sa mga rali.

Sa pamamagitan ng di deklaradong batas militar, lalong pinalalalim ng rehimeng Arroyo ang pagbaon ng mga pasistang pangil nito sa mamamayang Pilipino.

Nararapat lamang na ang mga residente sa mga barangay sa Kamaynilaan, tulad rin ng iba pang bahagi ng bansa, ay magkaisa at puspusang lumaban sa panunupil at terorismong ihihasik ng rehimeng Arroyo. Tama rin na ngayon pa lamang ay maghanda at kumilos na ang mga residente sa mga barangay na target pa lamang ng ganitong mga operasyong militar. Gayundin, maaaring mapagkunan ng mga aral ang karanasan ng mamamayan sa loob at labas ng Metro Manila hinggil sa matagumpay na pagpapalayas sa militar sa kani-kanilang barangay. **AB**



Mga ambus, inilunsad sa Northern Samar

Dalawang magkasunod na ambus ang inilunsad ng mga gerilya ng Rodante Urtal Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong unang linggo ng Disyembre sa Las Navas, Northern Samar.

Ayon sa mga panimulang ulat, di bababa sa walong sundalo ang malubhang nasugatan sa dalawang pananambang. Anim na tropa ang nasugatan nitong Disyembre 3 sa ambus na inilunsad sa pagitan ng Barangay Victory at L. Empon. Bago ito, di bababa sa dalawang sundalo ang nasugatan sa naunang pananambang sa pagitan ng Barangay Victory at Tela.

Ang mga inambus na tropa ay kabilang sa mga pwersang militar ng 63rd IB na malaon nang nag-ooperasyon sa lugar.

Samantala, sa San Jorge, Samar, daan-daang residente mula sa mga barangay ng Sinit-an, Mabuob, Kalundan at Bay-ang ang napilitang lumikas mula nitong Nobyembre tungo sa sentro ng Las Navas bunga ng matitinding paglabag sa karapatang-tao ng mga nag-ooperasyong tropa ng 34th IB. Kabilang sa mga inireklamo ng mga residente sa isang *fact-finding mission* na inilunsad ng Commission on Human Rights ang harasment, tortyur, pananakot sa mga bata, panunutok ng baril ng mga sundalo sa mga tagabaryong iniinteroga at sapilitang pagpapagiya at pagpapaamin sa mga residente na myembro sila ng BHB.

Ambus ng BHB sa Surigao

Apat na sundalo ng 58th IB ang napatay at tatlo ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Puulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong umaga ng Nobyembre 29 sa Sityo Tagbilibid, Barangay Mararag, Marihatag, Surigao del Sur.

Ang tinambangan na tim ng Philippine Army ay sasaklolo sana sa isang detasment sa bayan ng Marihatag na hinaras ng BHB. Binabagtas ng siksabay at *armored personnel carrier* (APC) na kanilang sinasakyan ang pambansang haywey bandang alas-7 ng umaga nang pasabugan ang mga ito ng *land mine* malapit sa hangganan ng mga bayan ng Marihatag at Cagwait. Lubusang nawasak ang siksabay habang bahagyang nasira naman ang APC.

Kalayaang magpahayag sa UP, nasisikil

KASALUKUYANG nagbabangayan ang administrasyon at mga estudyante ng University of the Philippines-Diliman (UP Diliman) kaugnay ng paglimbag ng *Philippine Collegian*, upisyal na pahayagang pang-estudyante ng unibersidad. Kara-karakang sinusinde ng administrasyon ng unibersidad ang pagbibigay ng pondo sa publikasyon dahil hindi umano sinusunod ng mga estudyanteng namamahala rito ang proseso ng *bidding* na itinakda para sa lahat ng mga institusyon ng gubyrerno.



Iwinasiwas ng administrasyon ang Government Procurement Reform Act (RA 9184) at sinabing sila ang dapat umanong mangasiwa sa pag-iimprenta ng pahayagan. Salungat ito sa awtonomya sa pinansya ng pahayagan at sa ilang dekada nang pamamalakad ng mga estudyante rito.

Dahil dito, natigil ang paglalabas ng pahayagan mula noong Agosto. Nailimbag naman ang natitirang mga isyu sa pagsisikap ng mga istap at tagasuporta ng pahayagan na mangalap ng sariling pondo. Bago ito, huling nangyari ang ganitong kaayusan noon pang batas militar.

Iginigiit ng mga estudyante ang independyenteng pamamahala sa pinansya ng pahayagan lalupa't ang pondo na ginagamit nito ay pondong ambag ng estudyante at hindi galing sa unibersidad at lalong di galing sa gubyrerno. Taun-taon, kinokolekta mula sa mga estudyante ang pondo para sa paglalabas ng kanilang pahayagan.

Ayon sa mga estudyante, ginagamit lamang ng administrasyon na dahilan ang RA 9184 upang busalan ang pahayagan na tumutunggali sa pagpapatupad nito sa iskema ng komersyalisasyon ng UP. Kabilang dito ang aktibong pagtutol ng *Collegian* sa panukalang 250% na pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin sa buong UP. Dahil sa panghihimasok ng administrasyon, nasusupil ang karapatang magpahayag ng mga estudyante at ng komunidad ng UP.

Sa gayon, iginigiit ng mga estudyante at ng komunidad ng UP ang kagyat nang paglalabas ng pondo ng *Collegian* nang walang kundisyon. Anila, dapat kilalanin ng administrasyon ang karapatan ng patnugutan na pumili ng imprenta. Dapat ding kilalanin ng pangasiwaan ng UP na ang pondo ng pahayagan ay pondo ng estudyante at sa gayon ay hindi ito nasasaklaw ng RA 9184.

Tigil-putukan, idineklara ng BHB sa Albay

NAGDEKLARA ng unilateral na tigil-putukan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong Disyembre 6 sa prubinsya ng Albay dahil sa pinsalang dulot ng *mudslide* (pag-agos ng putik at mga bato) mula sa Mayon Volcano na ibinunsod ng bagyong Reming. Pansamantalang suspendido ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa lalawigan upang makatutok ang mga yunit ng BHB at iba pang grupo't organisasyon sa mga operasyong *relief and rehabilitation*.

Sa isang pahayag ay nagpaabot ng pakikidalamhati ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga biktima ng bagyo at *mudslide* at nagsabing prayoridad na gawain ng BHB at mga rebolusyonaryong pwersa't organisasyon sa lugar ang pagmomobilisa sa masa upang ikoordina ang mga operasyong tulong para sa mga biktima ng bagyo di lamang sa Albay kundi sa iba pang lalawigang nasalanta tulad ng Sorsogon, Catanduanes, Camarines Sur, Camarines Norte at Quezon. Prayoridad rin ang pagtitiyak na ang mga tulong na pagkain at iba pang suportang ay hindi kukurakutin ng militar at mga opisyal ng guberno at makarating sa mga biktima.

Samantala, nanawagan ang National Democratic Front sa internasyunal na komunidad na magambag ng tulong pampinansya para masuportahan ang mga operasyon ng BHB sa *relief and rehabilitation* sa mga eryang apektado ng bagyo.

Ang bagyong Reming, na umabot sa mahigit 200 kilometro bawat oras ang taglay na hangin, ay isa sa pinakamalalakas na bagyong nanalasa sa bansa. Pangunahing napinsala ang Albay kung saan mahigit 1,200 katao ang nalibing sa putik. Napinsala rin ang 1,765 barangay sa iba't ibang prubinsya sa Bicol at Southern Tagalog. Umabot na sa 84,000 katao ang kumakanlong ngayon sa mga *evacuation center* na karamihan ay nasa Bicol.

Ang bagyong Reming, na umabot sa mahigit 200 kilometro bawat oras ang taglay na hangin, ay isa sa pinakamalalakas na bagyong nanalasa sa bansa. Pangunahing napinsala ang Albay kung saan mahigit 1,200 katao ang nalibing sa putik. Napinsala rin ang 1,765 barangay sa iba't ibang prubinsya sa Bicol at Southern Tagalog. Umabot na sa 84,000 katao ang kumakanlong ngayon sa mga *evacuation center* na karamihan ay nasa Bicol.

Anti-imperyalistang Latin America, nabubuo

PATULOY na nabubuo ang malakas na anti-US na bloke sa Latin America matapos ang muling pagkapanalo ni Hugo Chavez bilang presidente ng Venezuela at ang magkakasunod na pagkapanalo ng mga nasyunalistang lider sa Ecuador at Nicaragua. Kahanay nila ngayon ang mga kilalang anti-imperyalistang lider sa rehiyon tulad nina Fidel Castro ng Cuba at Evo Morales ng Bolivia at mga presidente ng Brazil, Argentina, Uruguay, Peru at Chile na kumikiling, kundi man tahasang sumusuporta sa lumalawak na kilusang anti-US sa rehiyon.

Muling inihalal ng mamamayan ng Venezuela si Hugo Chavez, isang dating opisyal militar, noong Disyembre 3. Tinalo niya si Manuel Rosales, pangunahing kandidato ng US, na walang ibang ginawa sa kampanya kundi siraan ang mga tagumpay ni Chavez at gatungan ang disgusto ng mga naghahari at panggitnang uri ng Venezuela.

Sa Ecuador, ihinalal ng mama-

mayan bilang presidente noong Nobyembre 27 si Rafael Correa, isang nasyunalistang ekonomista. Nangako si Correa na ibasura ang mga di pantay na kasunduang pangkalakalan na ipinakana ng US, palayasin ang mga tropang Amerikano sa base militar nito sa bansa at sumapi sa OPEC at sa lumalawak na kilusang Bolivarian na may layuning pagkaisahin ang Latin America laban sa imperyalismo.


Bago ito, ihinalal noong Nobyembre ng mamamayan ng Nicaragua si Daniel Ortega at Alfredo Gomez, mga dating Sandinista, bilang presidente at bise presidente ng kanilang bansa. Malaon nang tinalikuran ni Ortega ang kanyang eklektikong "Marxistang" paninindigan at naging mas litaw ang kanyang petiburgis na sosyalistademokratikong pulitika. Gayunman, nananatiling anti-imperyalista ang kanyang pananaw at itinuturing siyang kaibigan ng iba pang anti-imperyalistang lider sa Latin America.

Malawakang reporma sa lupa sa Bolivia

IPINASA nitong Nobyembre ng mga mambabatas ng Bolivia ang makasaysayan at masaklaw na reporma sa lupa sa bansa na ipinanukala ng anti-imperyalistang presidente nitong si Evo Morales.

Alinsunod rito, ipamamahagi ng gubyernong Morales ang 20 milyong hektarya o 20% ng produktibong lupain. Aabot sa 2.5 milyong maralitang magsasakang walang lupa o 28% ng populasyon ang makikinabang sa programa.

Maaaring mas malawak pa rito ang maipamamahaging lupain matapos mapag-aralan ng guberno ang gamit ng iba pang pribadong lupain. Sa kasalukuyan, 90% ng lupain ng Bolivia ay kontrolado ng 50,000 indibidwal o .5% ng populasyon. Pangunahing target ng repormang agraryo ang malalawak na asyenda na tinatrabaho ng mga magsasaka sa ilalim ng malaaliping mga kundi-syon.

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 23
Disyembre 7, 2006
www.philippinerevolution.net

Editorial

Salubungin ng malawakang pagtutol ang garapal na maniobrang Cha-cha

Sukdulang marumi, buktot, ilegal at kasuklam-suklam ang pinakabagong pakana ng Malakanyang para ipilit at paspasan ang "charter change" (Cha-cha o pagbabago ng konstitusyon) at kanselahin ang nakatakdang pambansang eleksyon sa Mayo 2007. Walang ibang angkop na tugon sa mga garapalang maniobrang ito kundi ang ubos-kayang pagpapakita ng mamamayang Pilipino ng kanilang mariin at malawakang pagtutol at pagbibigo sa mga pakanang ito.

Sa garapalang pambabaluktot ng batas at mga alituntuning ligal, isinasagasa ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso ang pagbabago sa House Rule 105 na nagsasaad na anumang pagsusog sa


konstitusyon ay dapat lahuman ng Senado sa pamamagitan ng hiwalay na pagpapasya nito.

Kasunod namang itinulak ng mga maka-Arroyong kongresista ang House Resolution 1450 na nagpapat-awag ng pulong ng Kongreso mula Disyembre 11 upang simulan ang ratsadang pagbabago sa konstitusyon na naglalayong gawing parlamentaryo ang sistema ng gubyerno.

Ang mga hakbanging ito ay pinagplanuhan at pinagkutsabahan sa sunud-sunod na pagpupulong sa Malakanyang sa pamumuno mismo ni Gloria Arroyo nitong huling bahagi ng Nobyembre. Pinagkaisahan nila ang "pinasimpleng Chacha" sa pamamagitan na lamang ng solong aksyon ng mababang kapulungan matapos ibasura ng Korte Suprema ang "people's initiative" at sa harap ng pagtutol ng nakararaming senador, iba't iba pang sektor at ng malawak na mamamayan.

Walang tigil na naghanap ang kampong Arroyo ng mga batas at alituntunin na maaaring manipulahin at baluktutin pabor sa kanila. Ang di sumapat ay tahasan nilang nilabag o di kaya'y garapalang pinalitan na lamang, gaano man kabuktot ang paraan.

Sa pinakabagong iskema ng Malakanyang, kakanse-lahin ang nakatakdang eleksyon sa Mayo 2007 at maglulunsad ng halalan para na sa itatayong parlamento at mga lokal gubyerno sa Nobyembre 2007. Hindi lamang nito palalawigin nang anim na buwan ang termino ng kasalukuyang mga nakaupong kongresista, bibigyan din nito ng pagkakataong tumakbong muli ang mga hindi na kwalipikado sa ilalim ng kasalukuyang batas, kabi-



Mga tampok sa isyung ito...

Tagumpay ni Nicole, ng kababaihan at ng sambayanan PAHINA 3

Adyenda ng US sa ASEAN PAHINA 5

Taong 2006: Pinakamadugong taon PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*